Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)
**PARAÑAQUE**

# FILIPINO 7

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**
**Manunulat:** Pauline S. Quisto
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Pauline S. Quisto
**Manunulat/Tagalapat ng LAS:** Aiza R. Altajeros/ Norma M. Amaran
**Tagasuri ng Nilalaman:** Dr. Edwin S. Doria/ Byron M. Suriaga
**Tagasuri ng Wika:** Jojo T. Dela Reyna/ Byron M. Suriaga
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director- NCR
Evangeline P. Ladines, CESO V- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Dr. Bernardo N. Mascarina- CID Chief Parañaque City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino- NCR
Dr. Edwin S. Doria, EPS Filipino SDO Parañaque City
Dennis M. Mendoza, LR EPS- NCR
Dr. Rodel C. Apostol, LRDMS Parañaque City
Nancy Mabunga, Librarian – NCR
Katreena A. Baluyot, Librarian – SDO Parañaque City

**(Ito ay Pagmamay-ari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.)**

## PAGMUMUNGKAHI NG ANGKOP NA SOLUSYON PAGSUSURI SA MGA PANGYAYARI NA PAGPAPAKITA NG SULIRANING PANLIPUNAN

### Inaasahan

Nakapagmumungkahi ng angkop na solusyon **F7PB -IVc - d -21**

Nakapagsusuri ng mga pangyayari sa akda na nagpapakita ng suliraning panlipunan **F7PN -IVc - d -19**

### Unang Pagsubok

A. Panuto: Basahin ang sumusunod na suliranin at bigyan ng angkop na solusyon. Piliin at **bilugan** sa panaklong ang tamang sagot.

1. Pagkakaroon ng CoViD19 sa ating bansa.

   (bakunang angkop sa CoViD19, hindi pagsusuot ng *face mask* at *face shield*)

2. Kawalan ng hanapbuhay ng ilang Pilipino.

   (magbigay ng sapat na pangkabuhayang proyekto, bigyan ng sapat na edukasyon)

3. Pagdami ng kaso sa maagang pagbubuntis o pag-aasawa sa murang edad ng mga kabataan.

   (pag-iingat sa sarili, pagsuway sa magulang)

4. Pagtaas ng mga bilihin sa ating bansa.

   (magtanim ng mga gulay sa sariling bakuran, makipag-ugnayan sa pamahalaan)

5. Pagtaas ng bilang na mayroong CoViD-19

   (hindi pagsunod sa mga panukalang pangkalusugan, pananatili sa bahay)

## Balik- Tanaw

A. Panuto: Lagyan ng **/ (Tsek)** ang **Oo** kung ang pahayag ay nakapaloob sa kaligirang pangkasaysayan ng Ibong Adarna at **X ( Ekis**) kung **Hindi.**

| Oo | Pahayag | Hindi |
|---|---|---|
| | 1. Masasalamin sa akdang Ibong Adarna ang likas na matibay sa pananampalataya ng mga Pilipino. | |
| | 2. Makikita din ang mataas na pagtingin sa nakakatanda at paggalang ng mga anak sa mga magulang. | |
| | 3. Nailimbag ang akdang Ibong Adarna sa Panahon ng mga Espanyol. | |
| | 4. Ang akdang Ibong Adarna ay hinango mula sa iba't ibang bersyon tulad na lamang ng Romanya, Europa, Ingles at Iba pa. | |

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Sa pagtalakay ng modyul na ito, mababasa mo ang Koridong Ibong Adarna na kung saan ay tumatalakay sa relasyon ng magkakapatid. Ang pangunahing suliranin ay pagkainggit ng panganay sa bunsong kapatid na karaniwang nangyayari sa tunay na buhay. Subalit sa katapusan nito ay na solusyunan din ang di pagkakaunawaan. Napatunayan ng mga pangyayaring ito na ang pagmamahalan ng bawat isa sa isang pamilya ay maaaring maging daan ng pagkakabuklod-buklod.

Basahin at unawain ang maikling kwento?

### "Pamilya Servantes sa Baryong Mapagmahal"

Sa "Baryong Mapagmahal" nakatira ang pamilya Servantes. Si Mang Andrew at Aling Myrna ay mayroong dalawang anak sina Angel at Karen. Ang panganay na si Angel ay 12 taong gulang at nasa ikapitong baitang na ng Sekondarya at si Karen na siyang bunsong anak ng pamilya ay 10 taong gulang na at nasa ikalimang baitang. Masayang nagsasama ang buong pamilya dahil mahal nila ang isa't isa.

Subalit dumarating talaga ang unos na hindi inaasahan. Nagkakaroon ng inggitan at selosan lalong-lalo na ang magkakapatid. “Huhuhu! Bakit mo ako inaaaway ate?” ang paiyak na sabi ni Karen. “Lagi ka kasing kinakampihan ni nanay at tatay. Mas mahal ka nila kaysa sa akin” Ito ang laging dahilan ng kanilang pag-aaway.

Minsan kinuha ni Angel ang mga laruan ni Karen at ikinalat kaya't ito'y umiyak nang umiyak habang sila ay naglalaro. “Bakit mo ikinalat ang lahat ng laruan ko?” ang umiiyak na sabi ni Karen. Hindi pa nakasasagot si Angel, nang biglang dumating ang nanay at tatay nila. “Ano ba ang nangyayari dito?” halos sabay na tanong ng mag-asawa. Kinausap si Angel tungkol sa nangyari. Noong una ay nagsinungaling si Angel sa mga ito at sinabing si Karen ang umaway sa kaniya at nagkalat ng mga laruan ngunit nang kumuha na ito ng pamalo ay agad na humingi ito ng tawad .

“Bakit mo ginagawa ang ganoon?” ang tanong ng kanyang tatay. “Dahil mas nakikita ko na mas mahalaga at mahal ninyo si Karen kaysa sa akin!” Ngunit ito ay kaagad itinama ng kanyang ama at sinabing, “Angel anak ang iyong iniisip ay mali, ang aming pagmamahal

para sa inyong dalawa ay magkapantay at walang hanggan, hindi mo kinakailangang magsinungaling at gumawa ng hindi tama sa iyong kapatid, mahal na mahal namin kayo.”

Napaiyak na lang si Angel sabay hingi ng tawad sa kanyang nagawa at ganoon din kay Karen. Napatawad naman siya ng mga ito at nagyakapan na lamang silang lahat.

Magmula noon hindi na nakaramdam ng galit at inggit si Angel para sa kaniyang bunsong kapatid at mas lalong tumibay ang kanilang pagmamahalan bilang isang buong pamilya.

**GAWAIN 1**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ano ang pangunahing suliraning nakapaloob sa kuwentong binasa?

_______________________________________________________

2. Kung ikaw si Karen patatawarin mo ba si Angel sa kanyang ginawang pagkakamali.

_______________________________________________________

3. Naranasan mo rin ba ang mainggit sa iyong kapatid at bakit?

_______________________________________________________

4. Magbigay ng angkop na kasabihan mula sa binasang teksto.

______________________________________________________

**GAWAIN 2**

Panuto: Basahin ang sumusunod na suliranin at isulat sa patlang ang mungkahing solusyon.

1. Suliranin: Nakaramdam ng inggit si Angel sa kaniyang bunsong kapatid na si Karen.

   Solusyon: ______________________________________________

2. Nawalan ng oras at atensyon sina Mang Andrew at Aling Myrna sa kanilang mga anak.

   Solusyon: ______________________________________________

3. Suliranin: Inaway ni Angel si Karen hanggang sa ito ay umiyak.

   Solusyon: ______________________________________________

4. Suliranin: Nasaktan si Karen sa ginawa ng kaniyang ate Angel kaya hindi niya napigilang umiyak.

   Solusyon: ______________________________________________

5. Suliranin: Nagsinungaling si Angel sa kaniyang mga magulang upang si Karen ang kanilang mapagalitan.

   Solusyon: ______________________________________________

## Tandaan!

Ang Maikling kuwento- ay akdang pampanitikan na ang mga pangyayari ay maaring mangyari sa totoong buhay.

Dapat ding tandaan na ang bawat problema o suliranin sa buhay ay nabibigyan ng angkop na solusyon lalo na kung ikaw ay mananalig sa ating Amang Lumikha.

## Pag-alam sa Natutuhan

Narito ang siping bahagi mula sa Koridong "Ibong Adarna":

| | | |
|---|---|---|
| 330 "Saka yang kawanggawa<br>na sa Diyos na tadhana,<br>di puhunang magagawa<br>nang sa yama'y magpapasa | 362 "Sa apoy ng kainggitan<br>nitong anak mong panganay<br>nagbuko' ang kataksilan<br>na patayin si Don Juan | 380 "Ang sinapit ni Don jua'y<br>dinamdam ko,Haring mahal,<br>kaya nga po gayon na lang<br>yaring dusa't kalumbayan |
| 331 "Huwag natin tutularan<br>ang ugaling di mainam<br>na kaya lang dumaramay<br>ay nang upang madamayan | 364 "Salamat at nasansala<br>ni Don Diego yaong nasa<br>at kung hindi ang kawawang<br>bunso mo po ay nawala. | 381 "Kaya rin nga namasdan mong<br>ako'y lagging nanlulugo,<br>ni kumain ay ayoko<br>o maringgan ng awit ko |
| 332 "Lalong banal na tungkulin<br>nasa dusa'y tangkilikin;<br>sa mundo ang buhay nati'y<br>parang nagdaraang hangin | 365 "Nasansala ang pagpatay<br>ngunit sila'y nagbulungan<br>nang malayo'y may kindatang<br>babala ng kasawian." | 382 "Pagkat di pa dumarating<br>ang may-ari po sa akin,<br>ayoko samga taksil<br>na anak mo pong masasakim |
| 361 "Patuloy ang saya nila<br>ngunit noong sumapit na sa<br>bundok na pangalawa'y<br>nagbago ang pagsasama. | 378 "Sa himala po ng langit<br>matapos ang ilang saglit,<br>si Don Jua'y nakatindig<br>malakas na't walang sakit | 394 "Sila'y aking minamahal<br>karugtong ng aking buhay<br>kami'y pawing anak naman<br>sa lingap mo nananangan. |

Panuto: Tukuyin kung anong saknong ang maaring may kaugnayan na suliranin mula sa akda at sa lipunan. Ibigay ang angkop na solusyon.

| SAKNONG | SULIRANIN MULA SA AKDA | SULIRANING PANLIPUNAN | SOLUSYON |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |

## Pangwakas na Pagsusulit

Panuto: Pumili ng isa sa mga nakatalang suliraning panlipunang nararanasan natin ngayon at ipaliwanag kung bakit ito ang iyong naibigan. Sundin ang pamantayan sa pagpupuntos.

A. Pagkakaroon ng CoViD19 sa ating bansa.
B. Kawalan ng hanapbuhay ng ilang mga pilipino.
C. Pagdami ng kaso sa maagang pagbubuntis o pag-aasawa sa murang edad ng mga kabataan.
D. Pagtaas ng mga bilihin sa ating bansa.
E. Pagtaas ng bilang na mayroong CoViD-19

| SULIRANIN | PALIWANAG (Bakit ito ang iyong napili?) |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

| PAMANTAYAN SA PAGPUPUNTOS | Katumbas na Puntos |
|---|---|
| Naisalaysay nang malinaw at maayos ang paliwanag sa napiling suliranin | 4 |
| Wastong gamit ng mga salita (tamang baybay, wastong bantas, at paggamit ng maliit at malaking letra) | 4 |
| Nakapanghihikayat sa mambabasa | 2 |
| Kabuoan | 10 |

**Susi sa Pagwawasto**

**Unang Pagsubok**

1. bakunang angkop sa Covid 19
2. magbigay ng sapat na pangkabuhayang proyekto
3. pag-iingat na mabuti sa sarili
4. magtanim ng mga gulay sa sariling bakuran
5. pananatili sa bahay

**Balik- tanaw**

1. /
2. /
3. /
4. x

**Gawain**

1. Tanggapin ang sagot na angkop sa katanungan.
2. Tanggapin ang anumang kasagutan ng mga mag-aaral

**Pag-alam sa Natutuhan**

- Tanggapin ang sagot ng mag-aaral kung ito ay akma sa gawain

**Pangwakas na Pagsusulit**

- Tanggapin ang sagot ng mag-aaral kung ito ay akma sa gawain

**Sanggunian**

DepEd Commons K12 MELC

Pinagyamang Pluma 7 Ikalawang Edisyon Phoenix Publishing